PANAWAGAN SA MABUNGANG PAGBABAGO

Ika-2 Linggo ng Adbiyento [A] • Disyembre 5, 2010

Mga Pagbasa

* **Isa 11:1-10 –** Ang Mesiyas ay manggagaling sa angkan ni David.
* **Ro 15:4-9 –** Pagmamahalang pangkapatiran ay nagbibigay-luwalhati sa Diyos.
* **Mt 3:1-12 –** Ang kaligtasan ay para sa tumutugon sa tawag ng Diyos.

Paunang Salita

Ang Adbiyentong ito ay isang ***bagong pagkakataong dulot ng Panginoon para natin talikdan ang ating mga kapintasang moral,*** na parang maraming sibat na maaaring makasugat o makamatay at magsadlak sa atin sa bangin ng kahirapang moral.

Para sa isang tunay na pagbabagong buhay, dapat tayong masuyong makitungo sa ating kapwa. Ibig sabihin nito'y palitan na natin ang mga saloobing makasarili ng ***magandang pakikitungo, pagkabukas-palad, kalinisan, malasakit, at pasensiya.*** Ito ang pangunahing kundisyong dapat nating tupdin para matanggap natin ang Paghahari ng Diyos sa ating buhay.

Ang panimulang pagpapakita ng kagandahang-loob ay hindi sapat. ***Pagsusumikap*** ay siyang pinakamahusay na tanda ng tunay at pangmatagalang pagbabago.

UNANG PAGBASA • Isa 11:1-10

Balangkas

* **1-2** – Propesiya tungkol sa Mesiyas
* **3-5** – Mga katangian niya
* **6-10** – Kagandahan ng kanyang pagkahari

Kaligirang Pangkasaysayan

Paminsan-minsan, ang mga bumubuo ng Dinastiya ni David ay nakalimot sa kanilang karangalan at di-maganda ang kanilang inasal. Kaya nga, nagbunga ito sa mga tao ng kaguluhan at pagkasiphayo.

Gayon ang sitwasyon sa panahon ng propetang si Isaias, na nagsikap palakasin ang loob ng mga tao sa pagsasabing malapit nang isugo ng Diyos ang pinakamagaling na inapo ni David.

Bagama't ayon sa kasaysayan, ang propesiya niya ay waring tumutukoy kay Hari Hezekias, ito'y lubos na tumutukoy sa Mesiyas lamang, ang inapong perpekto ni David.

Panimula

Ang siping ito ay nakasisiyang propesiya tungkol sa Mesiyas at sa mga katangian ng kanyang Paghahari. Sa anyong patula, mariin nitong ipinahahayag:

i. ang katapatan ng Diyos sa Kanyang pangakong ang Mesiyas ay manggagaling sa angkan ni David *(sangguniin t. 1);* at

ii. taglay niya ang Espiritu mismo ng Diyos na magkakaloob sa kanya ng lahat ng katangiang kailangan ng ulirang hari. *(Sangguniin tt. 3-5.)*

Ang magiging bunga ng matalinong pamumuno ng Mesiyas ay kapayapaang panlahat na tulad ng sa Eden lamang, bago nagkasala ang mga unang tao. *(Sangguniin tt. 6-8.)* Para sa ating mga Kristiyano, ang ganitong propesiya ay natupad kay Hesukristo lamang at sa Kahariang kanyang itinatag.

Isaias 11:1-10

1 Sa araw na iyon: Sa lahi ni *Jesse* ay lilitaw
ang isang hari, tulad ng supling mula sa isang tuod. 2 Mananahan sa kanya ang espiritu ng
Panginoon, bibigyan siya ng katalinuhan at
pagkaunawa, ng kaalaman at kapangyarihan, ng
karunungan at takot sa Panginoon.
3 Kagalakan niya ang tumalima sa Panginoon.
Hindi siya hahatol ayon sa nakikita, o batay sa
narinig sa iba. 4 Bibigyan niya ng katarungan ang
mga dukha, ipagtatanggol ang karapatan ng mga
kawawa. Ang salita niya'y parang tungkod na
ipapalo sa malulupit, ang hatol niya'y kamatayan

sa masasama. [5] Katarungan at katapatan ang
paiiralin niya sa kanyang pamamahala.
[6] Maninirahan ang asong-gubat sa piling ng
kordero, matutulog ang leopardo sa tabi ng
batang kambing. Magsasama ang guya at ang
batang leon, at ang mag-aalaga sa kanila'y
batang paslit. [7] Ang baka at ang oso'y magkasa-
mang manginginain, ang mga anak nila'y mag-
kakatabing matutulog. Kakain ng damo ang leon
na animo'y toro. [8] Maglalaro ang batang pasusu-
hin sa tabi ng lungga ng ahas. Hindi maaano ang
bata kahit laruin ang ulupong. [9] Walang manana-
kit o mamiminsala sa nasasaklaw ng banal na
bundok; sapagkat kung paanong puno ng tubig
ang karagatan, laganap sa buong lupain ang
pagkilala sa Panginoon. [10] Sa araw na iyon,
isisilang ang hari mula sa lahi ni Jesse, ang
magiging palatandaan para sa mga bansa. Ang
mga baya'y tutungo sa banal na lunsod upang
parangalan siya, at magiging maningning ang
kanyang luklukan.

Ang Salita ng Diyos sa Aking Buhay

1. Paano ang pakiramdam ko sa katapatan ng Diyos sa Kanyang pangako tungkol sa Mesiyas?
2. Tinupad ng Panginoon ang pangako Niyang isusugo ang Mesiyas para iligtas ang lahat ng tao. Masasabi ko bang tumutu*pad* ako sa mga pangako ko sa Kanya?

IKALAWANG PAGBASA • Ro 15:4-9

Balangkas

*** 4** – Layunin ng Banal na Kasulatan
*** 5-7** – Ang pambungad na kahilingan at pangaral ng Apostol
*** 8-9** – Si Kristo, ang tanda ng katapatan at habag ng Diyos

Kaligirang Pangkasaysayan

Sa kanyang sulat sa mga mananampalataya sa Roma, tinalakay ni San Pablo ang madilim na gabi ng katiwaliang moral na kinasadlakan ng sangkatauhan. *(Sangguniin Ro 1:18-32.)* Ngunit higit niyang binigyan-diin ang ginawa ng Diyos sa pamamagitan ni Hesukristo upang mailigtas ang lahat ng tao sa mapanirang bunga ng gayong kalagayan. *(Sangguniin ang buod sa Ro 3:23-26.)*

Mula sa kabanata 12 *(ang bahaging kinabibilangan ng ating sipi),* binabalangkas ng Apostol kung paanong dapat mamuhay ang mga binyagan, alinsunod sa kanilang binyag bilang tugon sa pagkabukas-palad ng Diyos.

Panimula

Ang maikling siping ito ay bahagi ng liham ni San Pablo sa mga Romano, na maaaring pamagatang "Mga Tungkulin ng mga Mananampalataya" *(12:1-15:13)* pagkat binabalangkas nito ang inaasahan sa kanilang utang na loob sa Diyos para sa kaligtasang dulot sa kanila ni Kristo. Kasama sa talaan ng siping ito ay mabuting pakikisama sa kapwa, pagkakaisa, at kahandaang maglingkod sa kapwa, na gaya ng ginawa ni Hesus. Gamit ang siping ito ngayon upang ihanda ang ating mga sarili para sa pagdating ng Panginoon.

Roma 15:4-9

Mga kapatid: [4] Anumang nasa Kasulatan
noon pang una ay nasulat sa ikatututo natin,
sapagkat lumalakas ang ating loob at nagka-
karoon ng pag-asa kapag binabasa natin ang mga
aral na matatagpuan dito. [5] Loobin nawa ng Diyos
na nagpapatatag at nagpapalakas ng loob, na
mamuhay kayong may pagkakaisa kay Kristo
Hesus. [6] Sa gayon, sama-sama kayong magpuri
sa Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesukristo.
Kung paanong kayo'y malugod na tinang-
gap ni Kristo, gayon din ang gawin ninyo sa isa't
isa upang maparangalan ninyo ang Diyos.
[8] Sinasabi ko sa inyo: si Kristo'y naging
lingkod ng mga Judio upang ipakilala na tapat
ang Diyos at tinutupad ang mga pangako niya sa
mga patriyarka, [9] at ang mga Hentil nama'y
magpuri sa Diyos dahil sa kanyang habag. Ayon
sa sinasabi ng Kasulatan, "Kaya't papupurihan
kita sa harapan ng mga Hentil, at aawitan ko ang
iyong pangalan."

Ang Salita ng Diyos sa Aking Buhay

1. Ang pakikitungo ko ba sa aking kapwa mananampalataya ay alinsunod sa pangaral ni Apostol Pablo?
2. Tapat ko bang masasabing tinatanggap ko ang aking kapwa tulad ng pagtanggap sa akin ng Diyos?
3. Maaari ba akong maging mabuting Kristiyano habang itinatakwil ko ang aking kapwa? Bakit o bakit hindi?

MABUTING BALITA • Mt 3: 1-12

Balangkas

*** 1-4** – Pagsisimula ng misyon ni Juan Bautista
*** 5-6** – Reaksiyon ng mga tao
*** 7-12** – Nilalaman ng pangaral ni Juan

Kaligirang Pangkasaysayan

Si Juan Bautista ang dakilang propetang nag-uugnay ng Matandang Tipan sa Bagong Tipan. Misyon niya'y ihanda ang mga kalooban ng mga tao para sa hinihintay ng lahat ng henerasyon – ang Mesiyas. Inilalarawan siya ni Mateong nangangaral ng pagbabago, gaya ng ibang dakilang propeta. Matatag siyang gaya ni Elias *(ang "mapusok na propeta"),* ngunit may mensaheng totoong bago: narito na ang Paghahari ng Diyos!

Panimula

Sa sipi ngayon, makakatagpo natin si Juan sa unang pagkakataon at agad nating mauunawaan ang malaking bisa ng kanyang mga pangaral sa mga taong dumadagsa sa kanya buhat sa lahat ng bahagi ng Judea. Ang kanyang panawagan sa pagbabago at pagbabalik-loob ay patungkol di lamang sa kanyang mga tagapakinig, kundi sa atin man.

Mateo 3: 1-12

Nang panahong iyon, si *Juan Bautista'y* dumating sa ilang ng *Judea* at nagsimulang mangaral. [2] Sinabi niya, "Pagsisihan ninyo't talikdan ang inyong mga kasalanan, sapagkat malapit nang maghari ang Diyos!" [3] Si Juan ang tinutukoy ni Propeta *Isaias* nang sabihin nito, "Ito ang sabi ng isang sumisigaw sa ilang: 'Ihanda ninyo ang daraanan ng Panginoon. Tuwirin ninyo ang kanyang mga landas!' " [4]Hinabing balahibo ng kamelyo ang damit ni Juan, at balat ang kanyang pamigkis. Ang kanya namang pagkai'y balang at pulot- pukyutan.

[5] At pumunta sa kanya ang mga taga-Jerusalem, taga-Judea, at mga naninirahan sa magkabilang panig ng Jordan. [6] Ipinahayag nila ang kanilang mga kasalanan, at sila'y bininyagan ni Juan sa Ilog Jordan.

[7] Ngunit nang makita niyang marami sa mga *Pariseo* at mga *Saduseo* ang lumalapit upang pabinyag, sinabi niya sa kanila, "Kayong lahi ng mga ulupong! Sino ang nagbabala sa inyo upang tumakas sa parusang darating? [8] Ipakilala ninyo sa pamamagitan ng inyong pamumuhay na kayo'y nagsisisi. [9] At huwag ninyong ipangahas na kayo'y anak ni *Abraham*. Sinasabi ko sa inyo: Ang Diyos ay makalilikha ng mga tunay na anak ni Abraham mula sa mga batong ito. [10] Ngayon pa'y nakaamba na ang palakol sa ugat ng punongkahoy; ang bawat punongkahoy na hindi mabuti ang bunga ay puputulin at ihahagis sa apoy. [11]Binibinyagan ko kayo sa tubig bilang tanda ng pagsisisi ninyo't pagtalikod sa inyong mga kasalanan; ngunit ang dumarating na kasunod ko ang magbibinyag sa inyo sa Espiritu Santo at sa apoy. Siya'y makapangyarihan kaysa akin, hindi ako karapat-dapat kahit tagadala ng kanyang panyapak. [12] Hawak niya ang kanyang kalaykay upang alisin ang dayami. Titipunin niya sa kamalig ang trigo, ngunit ang ipa'y susunugin sa apoy na di-mamamatay kailanman."

Sa Ganap na Pag-unawa sa Mensahe

1. Saan nagsimulang mangaral si Juan Bautista?
2. Ano ang suot niya?
3. Sino ang nakita niyang palapit para magpabinyag?
4. Ano ang tawag niya sa mga Saduseo at Pariseo?

Pagtuklas sa Mensahe

1. Ano ang pangunahing paksa ng pangangaral ni Juan?
2. Ano ang kanyang misyon, ayon sa propesiya ni Isaias?
3. Sino ang magbibinyag "sa Banal na Espiritu at apoy" sa mga nagsisisi?
4. Ano ang layunin ng pagbibinyag ni Juan?
5. Magbigay ng dalawang tampok na katangiang moral ni Juan na maaaring mahango sa Ebanghelyo para ngayon.

Ang Salita ng Diyos sa Aking Buhay

1. Para rin ba sa akin ang panawagan ni Juan para sa pagbabago? Bakit?
2. Paano kong maihahanda at maitutuwid ang daraanan ng Panginoon sa Adbiyentong ito?
3. Paano kong matutularan ang katapatan at kababaang-loob ni Juan Bautista?

PAGNINILAY

Para sa marami, ang salitang "pagbabagong buhay" ay tumutukoy lamang sa pagpapalit ng relihiyon. May ilan namang nag-uugnay sa salitang ito sa Kuwaresma, ngunit hindi sa Adbiyento. Dahil may kasayahan ang himig ng panahong bago sumapit ang Pasko, marami ang naniniwalang ang ganitong panahon ay di dapat iugnay sa seryoso at mahigpit na pangangailangang magbagong buhay.

Gayunman, sa simula pa lamang ng Ebanghelyo para ngayon, mariin nang nagpapahayag si Juan Bautista: "Magbagong buhay na kayo!" At isa lamang ang dahilan ng gayong panawagan: "Narito na ang Paghahari ng Diyos," na isa ring paraan ng pagsasabing ang Mesiyas ay malapit nang magpakilala. Iyon ang dahilan kung bakit dapat nang ituwid ng mga napalungi ang kanilang landas na moral.

Pagkalipas ng 2000 taon nang dumating ang Mesiyas, taglay pa rin ng panawagan para sa pagbabagong buhay ang kaangkupan at mahigpit na pangangailangan dito. Maging ang mga mababuti ay dapat makaunawang sila man ay maaari pang lalong magpakabait at sa gayo'y kailangan ding magbago. Para sa lahat ang panawagang magbago, bagamat di ito nangangahulugan nang pare-pareho sa lahat pagkat halos sindami ng tao ang iba't ibang uri ng pagbabago.

Subalit bukod sa ganitong magkakaibang uri ng pagbabago ayon sa kung gaano silang napalayo sa Diyos, mayroon ding magkakaibang pagbabago ayon sa magkakaibang katapatan at pagsusumikap.

May mga pagbabagong sadyang paimbabaw. Ang mga ito ay hanggang kaanyuang nakikita lamang at hindi nagsisikap matuklasan ang ugat ng kasamaang dapat alisin. Tulad ng mga ito ang mga may kanser na nag-aakalang mawawala ang kanilang sakit sa pamamagitan lamang ng ilang gamot na para sa simpleng sipon.

Mayroon ding mga pagbabagong matatawag nating bantulot at di-matatag . . . urong-sulong. Nariyan ang isang araw na waring nakapagpasiya na silang talagang magbabago. Pagkatapos ng isang araw o linggo, maiisip na nilang di naman pala talagang kailangan, at maaari pa nila itong "ipagpaliban" lalo't may iba pang tila lalong kailangan nilang harapin.

Mayroon din namang pagbabagong may tatak ng pagiging tunay: inaalam ang ugat ng problema, naghahanda ng nababagay na istratehiya, nagsasagawa ng kanilang mga plano, at nagsusumikap sa kanilang bagong pamumuhay. Ang ganitong mga pagbabago ay matibay, masikap, at pangmatagalan di lamang para sa sarili, kundi para rin sa iba. Di ito madali. Pagsusumikap sa bagong pamumuhay ay nangangailangan ng tapang, lakas, pagiging mapagbantay, at pagdarasal pagkat ang "kalaban" ng lahat ng buti ay di nasisiyahang maagawan ng mga gayong kaluluwa. Gagawin nito ang lahat upang mabawi ang mga gayong "nagbagong buhay."

Sagana ang kasaysayan ng Simbahan sa mga ganitong uri ng pagbabago. Nariyan, halimbawa, sina Pablo ng Tarsus, Agustin ng Hippo, Francisco ng Assisi, Ignacio ng Loyola. Camillus de Lellis, Agostino Gemelli, at marami pang iba. Matutunog ang kanilang mga pagbabago. Di sila nasiyahan sa kanila lamang pagbabago't pagkakalapit sa Panginoon; ikinalulungkot nilang marami pa rin ang hindi pa nagbabago. Kaya nga, gayon na lang ang pagsisikap nilang makapag-akay sa kapwa tungo sa Diyos, o kaya'y lalo pang ilapit ang mga ito sa Kanya.

Anong pagbabago ang kailangan natin? Nasa atin ang pagpapasiya pagkatapos ng isang masusi at tapat na "pagsusuri" sa ating kundisyong espirituwal. Ito ba'y pangmatagalan, mabunga, at "nakahahawa"? Minsan pa, nasa atin ang pagpapasiya. Isang bagay ang tiyak: depende rito ang pagiging "totoo" at mabunga ng Paskong ito.

Lunes • Isa 35:1-10 • Lu 5:17-26

Ito ang sabihin sa pinanghihinaan ng loob: "Huwag kang matakot, lakasan mo ang iyong loob. Darating na ang Panginoong Diyos at ililigtas ka sa mga kaaway." *(Isa 35:4)*

Martes • Isa 40:1-11 • Mt 18:12-14

May tinig na sumisigaw: "Ipaghanda ang Panginoon ng daan sa ilang, isang patag at matuwid na lansangan para sa ating Diyos. Tambakan ang mga lambak, patagin ang mga burol at bundok, at pantayin ang mga baku-bakong daan." *(Isa 40:3-4)*

Miyerkules • Kalinis-linisang Paglilihi kay Maria
Gen 3:9-15.20 • Ef 1:3-6.11-12 • Lu 1:26-38

"Hinirang na niya tayo bago pa nilikha ang sanlibutan upang maging banal at walang kapintasan sa harapan niya. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, tayo'y kanyang itinalaga upang maging mga anak niya sa pamamagitan ni Hesukristo. Iyan ang kanyang layunin at kalooban." *(Ef 1:4-5)*

Huwebes • Isa 41:13-20 • Mt 11:11-15

"Aking gagawin na ang disyerto ay maging tubigan; sa tuyong lupain ay may mga batis na masusumpungan. Ang mga disyerto'y pupunuin ko ng akasya't sedro, kahoy na olibo at saka ng mirto." *(Isa 41:18b-19)*

Biyernes • Isa 48:17-19 • Mt 11:16-19

"Ako ay ang Panginoon na iyong Diyos. Tuturuan kita para ka umunlad. Papatnubayan kita saan ka man pumunta. Kung sinusunod mo lang ang mga utos ko, pagpapala sana'y dadaloy sa iyo, parang ilog na di natutuyo ang agos. Tagumpay mo sana ay sunud-sunod, parang dating ng alon sa dalampasigan." *(Isa 48:17-18)*

Sabado • Ecc 48:1-4.9-11 • Mt 17:10-13

"Nasusulat na ikaw ay babalik sa takdang panahon, upang paglubagin ang galit ng Diyos bago sumapit ang takdang araw; para pagsunduin ang mga magulang at mga anak, at muling tipunin ang mga lipi ng Israel." *(Ecc 48:10)*



Pocket Planner & Prayer Book 2011

Buwanang "*planner,*" gabay na panliturhiya, at aklat-dasalang nagtatampok sa "Taon ng Kabataan." May mga saloobing pangkabataan at pagtatampok sa 12 kabataang bayani ng pananampalataya.

Mabibili na ngayon sa mga *Word & Life Center sa* Makati at *Quezon City,* mga tindahan ng mga babasahing banal, at *National Book Store.*